# Magtiis Ka

*(Tula ni Jacinto Suban)*

*Ang balikat ng buhay mo'y hindi na ba makatagal*
*sa kurus ng kahirapang bahagya nang maigapang?*
*sa iyo bang karukhaa'y pawa lamang kabiguan*
*ang lagi ng sumisiki mapagabi, mapaaraw?*
*Itungo mo ang noo mo't sa langit ka paalalay*
*nang ano man ang dumating malaman mong pagtiisan!*

*Ang ligayang tinipon mo sa mahabang panaginip*
*hamog bagang nawawala sa kamunti lamang init?*
*Ang bulaklak ng ginhawa'y bahagya pang sumisilip*
*nilagas ng isaisa ng tadhanang nagmalupit?*
*iyukod mo ang ulo mo at sa Dios ay ihibik*
*na turuan ang puso mong matutu sa pagtitiis!*

*Kung numipis ang pagasa't ang kumapal nama'y lagim*
*at ang iyong guniguni'y binabalot ng hilahil*
*kung ang hanging nagdaraa'y malulumbay ang halinghing*
*at sa iyong kaluluwa'y nagpapataw ng panimdim*
*tiklupin mo ang tuhod mo't boong among idaalangin*
*sa Dios na ang palad mo'y harinangang matiis din!*

*Sa lupa'y di nawawala ang lungkot at kahirapang*
*walang sawang bumubuno sa buhay mo't aking buhay*
*at dito'y di napupulpol ang tibo ng̃ kasalanang*
*sa atin ay nagdudulot ng̃ mahapding kalungkutan,*
*malulunod ang diwa mo kung hindi mo matutuhang*
*kalasagin ang tiyaga't pagtitiis na mataman!*

*Kung maunos ang panaho't maulap ang panganorin*
*at sa langit ng̃ pangarap ang dilim ay nagtitining,*
*suhayan ang iyong loob, ang bagang mo'y pagtiimin*
*kahit na nga ang pagtigis ng̃ luha mo'y di mapigil,*
*sa likod ng̃ alapaap ang Dios ay nakatingi't*
*matutuwa kung makitang lumabas kang matiisin!*

## Pasakop Tayo

(Karugtong ng nasa 4)

pagkamagalang? Ang di pa natatagalang pagkapaglabolabo ng mga Intsik at mga Pilipino sa Maynila at sa mga lalawigan ay waring nagpapakilala ng hilig na totoong mapanganib. Kung ang damdamin at kapalaluan ay hindi masusupil ay magsisipagdulot ng malulubhang ibubunga. Tunay nga na ang Pilipino ay napupukaw na at sa kanilang pagkakita na ang kanilang sariling lupain ay nasa isang kalagayan na mga dayuhan ang siyang pinapanginoon tungkol sa ekonomia, samantalang ang mga Pilipino na rin ay daigdaigan, ay mahirap para sa kanilang supilin ang isang damdaming hindi nasisiyahan; at kapag ang mga tagaibang lupang ito ay nakagawa ng maliwanag na paglabag sa matuwid na umaapi sa mga Pilipino ay hindi katakatakang ang damdaming di nasisiyahan ay maging isang ganap na kaguluhan. Nguni't hindi pa dapat mangyari ang ganito. Aasikasuhin ng ating pamahalaan na ang mga labag sa matuwid na ginagawa ng mga dayuhang iyan ay ganap na malapatan ng nararapat. Gagantihin ng Dios ang mga maamo, at parurusahan ang mga palalong gumagawa ng masama, opo, ng Dios na siyang hari ng lahat. Lalong tiwasay para sa ating Pilipino, pati naman sa lahat na mapatnugutan ng kapakumbabaan at katarungan. Hindi dapat nating papaghariin kailan man ang bulag na damdamin upang hamalili sa matinong katarungan sa ating mga kapasiyahan, maging nasa gitna man ng malaking pamumungkahi. Sinabi ni Kristong ating Tagapagligtas: "Mapapalad ang mga maamo sapagka't mamanahin nila ang lupa." Mateo 5:5.

## Pangarap . . .

(Karugtong ng nasa pahina 7)

lalong lumulubha ang mga pangyayari. Saan man may eskuwelahan at may mga kinatawan ng relihiong nagtuturo ay bumabangon ang mga kagulo, hanggang sa maging pangbansa ang usap.

Tumigil na ng pagaaral si Juanito, sapagka't pinagkasanlan ng kaniyang ama. Sa isang paaralang pribado na lamang pinapagaral. Marami ang nagsitigil na rin, at sa halip na magkulang ng silid sa paaralang gaya ng sa datidati'y siyang nangyayari, ay nawalan ng laman ang mga silid ng paaralan, at ang pangangailangan ng nagsisipagaral ay siyang naging suliranin naman.

Hindi ibig ng mga magulang na sila'y makialam sa mga gulong iyon, gayon din ang mga pare, at mga pastor. Nguni't dahil sa nangasasaktan ang kanilang mga anak ay napipilitan silang makialam. Ang mga tagapagturo ng kabanalan ay napilitang ipagtanggol naman ang kanilang relihion. Hindi naiwasan ang mga pagtatalo ng mga kinatawan ng kanikanilang iglesia. Ang mga maestrong dati ay naging parang mga estatua na lamang sapagka't nawalan ng gana sa mga *asignaturang* itinuturo ang mga eskuwela, sapagka't katutubong ang mga bata ay mawili doon sa parating pinagtatalunan.

Isang maliit lamang na pangyayari ang bagay na ito na siyang kahihinatnan ng pagtuturo ng relihion sa paaralang bayan. Hindi sa gusali ng paaralang bayan dapat ituro ang relihion. Dapat sa kanikanilang tahanan ituro sa mga bata ang relihion, ó kaya'y sa kanilang mga kapilya. Ang kanilang mga katungkulan sa Dios ay doon dapat makintal sa kanilang mga isip.

Alalahanin natin na ang pinakamabisang paraan upang papanglamigin ang isang bata sa pagaaral ay ang turuan siya ng mga dasal, at panatilihin siyang nakaluhod ng mahabang oras, saka papagsaulohin ng mga panalanging hindi naiintindihan. Dahil dito, kung kaya sa halip na maikikintal sa mga kabataan ang mabuting paguugali sa mga paaralan, ay katuwas ang siyang mangyayari, at ang mga bata ay manglalamig na magpatuloy pa ng pagaaral.

---

"Ang tibo ng kamatayan ay ang kasalanan; at ang kapangyarihan ng kasalanan ay ang kautusan: datapuwa't salamat sa Dios, na nagbibigay sa atin ng pagtatag̃umpay sa pamamagitan ng̃ ating Pamamagitan ng atlng Panginoong Jesukristo." 1 Corinto 15:56,57.